*Mga Madalas Itanong  tungkol sa San Francisco Health Plan*

---

**1. Ano ang Carelon Behavioral Health?**

*Ang Carelon Behavioral Health ay isang kumpanyang kinontrata ng San Francisco Health Plan* , kasama ng Carelon Health IPA of California (CHIPA) para pamahalaan ang mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan ng isip sa mga miyembro ng SFHP Medi-Cal.

Kung miyembro ka ng SFHP Medi-Cal, tutulungan ka ng Carelon Behavioral Health na:

- Maunawaan ang iyong mga benepisyo kaugnay sa kalusugan ng isip at pag-inom ng alak o paggamit ng droga
- Malaman ang mga opsyon sa paggamot na available sa iyo
- Maghanap ng mga provider sa iyong lugar
- Maaari mong kontakin ang Carelon Behavioral Health anumang oras sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-855-371-8117**

**2. Anong mga serbisyo sa kalusugan ng isip ang pinamamahalaan ng Carelon Behavioral Health?**

Ang sumusunod na mga serbisyo para sa outpatient ay pinamamahalaan sa pamamagitan ng Carelon Behavioral Health:

- Therapy para sa indibiduwal, pamilya at grupo
- Mga pagpapatingin sa psychiatrist para sa therapy na gumagamit ng gamot
- Pagsusuri ng isip

Maaari ka ring iugnay ng Carelon Behavioral Health sa mga serbisyo sa Mental Health Plan ng iyong county.

**3. Kailangan ko ba ng pag-apruba para magpatingin sa isang therapist?**

Hindi mo kailangan ng pag-apruba, pero sasailalim ka sa maikling screening para makatanggap ng mga serbisyo ng therapy, o maaari kang maghanap sa online sa www.carelonbehavioralhealth.com. Ang therapist ay dapat bahagi ng Carelon Behavioral Health network. Walang limitasyon sa dami ng pagpapatingin na maaari kang magkaroon, pero maaaring kailanganin ng iyong therapist na bigyan ng klinikal na impormasyon ang Carelon Behavioral Health. Ikaw o ang iyong therapist ay dapat tawagan ang Carelon Behavioral Health sa **1-855-371-8117** para sa mga serbisyo.

4. **Kailangan ko ba ng pag-apruba para magpatingin sa isang psychiatrist?**

   Hindi mo kailangan ng pag-apruba para magpatingin sa isang psychiatrist na tumutulong sa iyo sa iyong mga gamot, pero sasailalim ka sa maikling screening para makatanggap ng mga serbisyo ng therapy, o maaari kang maghanap sa online sa www.carelonbehavioralhealth.com. Ikaw, o ang iyong doktor ay dapat tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **1-855-371-8117** kung kailangan mo ng mga serbisyong ito.

5. **Maaari ba akong magkaroon ng maraming pagpapatingin na kasing dami ng gusto ko?**

   Maaari kang magkaroon ng maraming pagpapatingin kung medikal na kinakailangan. Ikaw o ang iyong therapist ay maaaring tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **1-855-371-8117** para may malaman pa.

6. **Paano kung kailangan ko ng pangangalaga ng ospital para sa kalusugan ng isip?**

   Kung mayroon kang emergency, tumawag sa 911 o pumunta sa pinakamalapit na ER. Para makakuha ng impormasyon tungkol sa mga mapagpipiliang ospital o paggamot, tawagan ang ACCESS line ng iyong county sa: San Francisco County: 1-415-255-3737

7. **Paano ako makakahanap ng doktor o therapist?**

   Maaari kang maghanap sa online sa www.carelonbehavioralhealth.com. Mula sa navigation sa itaas, i-click ang **Find a Provider (Maghanap ng Provider)** at sundin ang mga instruksyon para piliin ang **San Francisco Health Plan.** Maaari mo ring tawagan ang Carelon Behavioral Health sa **1-855-371-8117** para sa tulong.

8. **Paano kung kailangan kong mag-order ng bagong SFHP ID card o maghanap ng listahan ng mga regular na doktor?**

   Para palitan o pumili ng iyong Provider ng Pangunahing Pangangalaga ng SFHP (PCP) o kung kailangan mong mag-order ng bagong SFHP ID card, tumawag sa SFHP Member Services sa (800) 288-5555 or **1-415-547-7800.**

9. **Kailangan ko ba ng referral mula sa aking regular na doktor para makakuha ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip?**

   Hindi mo kailangan ng referral mula sa iyong Provider ng Pangunahing Pangangalaga (PCP). Inirerekomenda na sasabihin mo sa sinumang gumagamot sa iyo ang mga pangalan ng lahat ng doktor at therapist kung kanino ka nagpapatingin at lahat ng gamot na iniinom mo.

10. **Ano ang magagawa ko kung hindi ako masaya sa aking mga serbisyo sa kalusugan ng isip?**

    Kung hindi ka masaya sa iyong provider para sa kalusugan ng isip o sa mga serbisyong natanggap mo, mangyaring kontakin ang Carelon Behavioral Health sa **1-855-371-8117.**

11. **Maaari ba akong magpatingin sa wala sa network ng provider ng Carelon Behavioral Health?**

    Kailangan mong magpatingin sa nasa Carelon Behavioral Health/CHIPA network. Kung mayroon kang provider na gusto mong magpatingin na wala sa network, patawagin ang provider na iyon sa Carelon Behavioral Health sa **1-855-371-8117.**

    Sa isang emergency, maaari kang magpatingin sa isang tao na hindi kabilang sa Carelon Behavioral Health network. Kung kailangan mo pa ng mga serbisyo o ibang uri ng serbisyo sa kalusugan ng isip, tutulungan ka ng Carelon Behavioral Health na maghanap ng pangangalaga na nakakatugon sa iyong mga pangangailangan.

12. **Paano kung ginagamot ako ngayon at gusto kong patuloy na magpatingin sa isang doktor o therapist na wala sa Carelon Behavioral Health network?**

    Hinihiling namin sa iyong gumamit ng provider na nasa network. Maaari kang patuloy na magpatingin sa iyong kasalukuyang therapist o doktor sa loob ng 12 buwan, kahit na wala sa network ng Carelon Behavioral Health ang provider kung papayag siyang makipagtulungan sa Carelon Behavioral Health. Kung bago kang miyembro ng Carelon Behavioral Health, titiyakin naming magpapatuloy ang anumang pangangalaga na kasalukuyan mong nakukuha. Pakitawagan ang Carelon Behavioral Health sa **1-855-371-8117** para pag-usapan ang iyong mga opsyon sa paggamot.

13. **Maaari ba akong magpatingin sa mahigit sa isang provider?**

    Maaari kang magpatingin sa isang doktor para sa iyong gamot at isang therapist para sa therapy.

14. **Paano kung gusto kong palitan ang aking doktor o mga gamot?**

    Tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **1-855-371-8117** para sa tulong o listahan ng mga provider na nasa Carelon Behavioral Health/CHIPA network.

15. **Sakop ba ang aking mga gamot?**

    Tumawag sa San Francisco Health Plan sa (800) 288-5555 o **1-415-547-7800**, para malaman kung sakop ang iyong mga inireresetang gamot.

16. **Ano ang dapat kong gawin kung nanghihingi ng pera sa akin ang aking psychiatrist o therapist?**

    Kung hihingian ka ng pera, huwag kang magbayad. Itawag at iulat ito sa Carelon Behavioral Health sa **1-855-371-8117.**

17. **Paano kung may problema ako sa pandinig?**

    Tawagan ang linya ng TTY ng Carelon Behavioral Health sa 1-800-735-2929.

18. **Paano kung mas gusto kong magsalita ng isang wika bukod sa Ingles?**

    Ang Carelon Behavioral Health ay mayroong kawani na nagsasalita ng ibang mga wika at mayroong mga interpreter para tulungan ka, mangyaring tumawag sa Carelon Behavioral Health sa **1-855-371-8117.**